Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Lokal na Pamahalaan ng Cavinti**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA – 36 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG ABRIL 17, 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NG BARANGAY LABAYO, CAVINTI LAGUNA

MGA DUMALO: Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member/
Pansamantalang Nangulong Pinuno;

Kgg. Charles Clifford F. Matta; SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President

HINDI DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pangalawang Punumbayan;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;
*(Both on Official Business)*

## KAPASIYAHAN BLG. 187 - 2023

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-109 NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALAN NG ELEMENTARYA NG BUROL, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN SA BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG *ALUMNI HOMECOMING***

**May Akda: SB ROMEL J. VILLANUEVA**
**Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal**

**SAPAGKAT,** matapos ang digmaang Filipino-Amerikano noong taong 1898-1901, noong ika-10 ng Marso 1901 ay pinasimulan ang pagbuo ng Kagawaran ng Pampublikong Pagtuturo na kung saan ang pangunahing lingwahe ng pagtuturo ay ang salitang Ingles kapalit ng salitang Espanyol;

**SAPAGKAT,** ang mga pampublikong paaralan na binuo ng gobyernong amerikano ay binubuo ng elementarya (apat na taong pag-aaral) at intermedya (tatlong taon na pag-aaral) bago pumasok ng sekondarya (*highschool*)) na nangangahulugan na ang Paaralang Elementarya ng Burol ang isa sa unang naitatag sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** taong 1914 unang pinatag ang gagawing Paaralan sa Pangunguna ng *Presidente Munisipal* Braulio V. Villanueva;

**SAPAGKAT,** yaong taong ding iyon ay huwarang nagtulungan ang mga taong baryo ng bayan ng cavinti sa pamamagitan ng isang pag-aatag upang patagin ang anyong bundok upang mapasimulan ang pagtatayo ng nasabing paaralan;

**SAPAGKAT,** taong 1916 naman unang naitayo ang ilang silid aralan para sa mag-aaral ng intermedya;

ARANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member/Nangulong Pinuno

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Paaralang Elementarya ng Burol ang isa sa unang naging pandayan ng mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** kung saan ang sentro ng Pamahalaang Bayan, Sentro ng Relihiyon, Sentro ng Komersyo, Sentro ng pagpapayaman ng Kaalaman, karunungan, at Kulturang Cavinti at maka-*Filipino* ay nagsisimula sa paaralan, at yaan ang Paaralang Elementarya ng Burol;

**SAPAGKAT**, sa ika-6 ng Mayo ng 2023 ay magdadaos ang selebrasyon ng ika – 109 na taon ng pagkakatatag ng Paaralang Elementarya ng Burol na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito , mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang ala-ala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**DAHIL DITO**, matapos suriin at mapag-aralan ang kabuuan ng usapin, imungkahi ni SB Elma P. Flores na pinangalawahan at sinang-ayunan naman ng lahat na

**IPINASIYA**, gaya ng **GINAGAWANG PAGPAPASIYA** na MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-109 NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALAN NG ELEMENTARYA NG BUROL, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN SA BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG ALUMNI HOMECOMING

**IPINASYA PA DIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng Paaralang Elementarya ng Burol, ang Pinuno ng Samahan ng Alumni - Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros at mga miyembro;

**UTOS**: Sa Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito, ang lahat ng Tanggapan at Ahensya na may kinalaman dito para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika – 36 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika – 17 ng Abril 2023.

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:

**SB ROMEL J. VILLANUEVA**
SB Member/Nangulong Pinuno

APPROVED:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**